

**MGA
KRIMEN
SA DIGMA
NG AFP AT PNP**
sa ilalim ng Geneva Conventions at CARHRIHL



Oktubre 29, 2022

Pambungad

Ang “Mga Krimen sa Digma ng AFP at PNP” ay espesyal na ulat ng Ang Bayan tungkol sa mga paglabag ng Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP) sa mga internasyunal na batas sa digma na nakasaad sa Geneva Conventions at mga protokol nito at probisyon ng Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL).

Saklaw ng ulat na ito ang mga kaso ng walang pakundangan sa batas na pamamaslang ng Armed Forces of the Philippines (AFP), ng Philippine National Police (PNP) at mga armadong ahente ng GRP laban sa mga sibilyan, *non-combatant* at *hors de combat* (mga kombatant na wala na sa katayuang lumaban) na pwera ng armadong katunggali nito, partikular na ang mga myembro ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP), Bagong Hukbong Bayan (BHB), at National Democratic Front of the Philippines (NDFP).

Ang mga kasong ito ng mga pagpatay ay bahagi ng higit na mas marami pang kasong kriminal at pagyurak sa mga karapatang-tao na kinasasangkutan ng AFP at PNP. Hindi saklaw ng ulat na ito ang daandaang kaso ng direktang atake laban sa mga sibilyan at sa kanilang mga komunidad na isinasagawa sa takbo ng gera kontra-insurhensya.

Layunin ng ulat na ito na ilantad at batikusin ang malalalang paglabag ng GRP at AFP sa mga alituntunin sa digma sa paglulunsad nito ng brutal na gera laban sa mamamayan. Pagkilala rin ito sa kabayanihan ng mga pinaslang na rebolusyonaryo, na nanindigan at nakibaka para sa pagpalaya ng bayan mula sa imperyalistang tanikala at para sa katarungang panlipunan. Bahagi ito ng nagpapatuloy na sigaw at paglaban para sa hustisya.

Ito ay paunang edisyon ng ulat. Patuloy pang tinitipon at sinisiyasat ng Ang Bayan ang iba pang mga datos at ulat.

Kalagayan sa nakaraang 6 na taon

Sa nakaraang mahigit anim na taon, hindi bababa sa 101 na aktibo at retiradong kasapi ng PKP, BHB, mga konsultant at tauhan ng NDFP at kasama nilang mga sibilyan na nadakip, sugatan o wala sa katayuang lumaban, ang labag sa batas na pinatay ng mga armadong pwersa ng GRP.

Tumindi ang gayong mga pagpaslang mula 2020, sa panahon na ipinailalim ng noo'y rehimeng US-Duterte ang buong bansa sa mahigpit na *lockdown* ng militar at pulis. Nagpapatuloy at lalo pang tumitindi ang patakarang ito ng walang pakundangang pagpaslang. Sa talaan ng Ang Bayan, pinakamarami ang naitalang pinatay mula Enero hanggang Oktubre ngayong taon (29), kasunod noong 2021 (26) at 24 noong 2020. Kinilala bilang mga myembro ng Partido ang 23 sa kanila, habang 66 ang aktibo at dating myembro ng Bagong Hukbong Bayan.

Taon	Biktima
2017	5
2018	11
2019	6
2020	24
2021	26
2022	29

Tatlumpu't apat sa mga pinatay ay hindi kombatant, at 44 ang *hors de combat*, o kombatant na wala na sa katayuang lumaban. Sa mga *hors de combat*, 22 ang sugatan sa laban (WIA, *wounded in action*) na "tinuluyan" imbes na dakpin at kalingain. Labinsyam naman sa mga hindi kombatant ay mga kasapi ng Partido at NDFP na hindi direktang sangkot sa armadong tunggalian o wala sa larangan ng labanan. Sampu sa kanila ay may hawak noon na mga dokumento ng Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees (JASIG) na nagpapakilala sa kanila na mga konsultant ng NDFP sa usapang pangkapayapaan. Sa mga sibilyan, 20 ay mga retirado na sa Partido at BHB at pawang matatanda na.

Lahat sila'y walang pakundangan sa batas na pinaslang (*summarily executed*) ng mga armadong ahente ng estado. Ang 32 sa kanila ay

Petsa	Biktima	Lugar
2020-02-13	3	Namatican, Santa Lucia, Ilocos Sur
2021-05-21	3	Macabling, Sta. Rosa, Laguna
2022-04-06	4	Tikalaan, Talakag, Bukidnon
2017-07-28	4	Trece Martires, Casiguran, Sorsogon
2022-07-06	4	Santol, Binalbagan, Negros Occidental
2021-09-30	4	San Pablo, Manapla, Negros Occidental
2018-08-15	7	Barangay Atabay, San Jose, Antique

dinakip, lihim na ibinimbin, at ipinailalim sa tortyur bago pinaslang. Naitala ang anim na masaker kung saan 29 ang biktima.

Sa ulat na nakalap ng Ang Bayan mula sa iba't ibang yunit ng Partido at BHB, pinakamarami ang mga biktima sa isla ng Negros (17), kasunod ang Bicol (16), North Central Mindanao (12), Panay (11), Southern Mindanao (9) at Eastern Visayas (8). Ang listahan na ito ay kinukumpleto pa. Inaasahan pang pumasok ang iba pang ulat mula sa mga lugar na lubhang militarisasdo at mahirap ang daloy ng impormasyon.

Mahigit kalahati (53) sa mga pinaslang ay pinalabas na napatay sa mga armadong labanan (*killed-in-action*) at 12 ang sinabing “nanlaban” habang “hinahainan ng mandamyento.” Halos lahat sila’y tinamnan ng baril, eksplosibo, mga "subersibong dokumento" at kung anu-ano pang “ebidensya” upang pagtakpan ang ginawang krimen. Hindi bababa sa anim ang binihisan pa upang magmukhang nasa labanan.

Sa maraming pagkakataon, ikinalat ng AFP ang litrato ng kanilang mga duguang bangkay sa *social media* para kanilang kutyain at pagpyestahan. Maraming pagkakataong dali-daling iniembalsamo, inililibing o ipina-*cremate* (ginawang abo) ang kanilang mga bangkay nang hindi ipinag-papaalam sa kani-kanilang mga pamilya. Mayroon ding mga bangkay na “hino-hostage” ng militar at pinahihirapan ang pamilya na kunin.

Paglabag sa mga aplikableng batas ng digma

Labag ang lahat na mga nabanggit na insidente sa itaas sa mga alituntunin sa digma na isinaad sa Geneva Conventions at mga kaakibat na protokol nito na nangangalaga sa karapatan ng mga tao sa panahon ng gera, kapwa ng mga kombatant at sibilyan. Labag din ang mga ito sa CARHRIHL sa pagitan ng NDFP at ng GRP.

Geneva Conventions

Aplikable at may bisa sa kasalukuyang gerang sibil sa Pilipinas ang Geneva Conventions. Pirmado ito ng GRP, kabilang ang tatlong protokol nito at dalawang dagdag na kasunduan kaugnay sa pangangalaga ng mga bata sa digma. Nagsumite naman ang NDFP ng deklarasyon ng pagkilala sa Geneva Conventions ng 1949 at Protocol I noong Hulyo 5, 1996 sa upisyal na lagakan nito, ang Federal Council ng gubyrerno ng Switzerland.

Sa panig ng NDFP, ipinakilala nito ang sarili bilang “upisyal na awtoridad na kumakatawan sa mamamayang Pilipino at mga organisadong pwersa sa pulitika nito na nagsusulong ng armadong rebolusyonaryong pakikibaka para sa pambansang paglaya at demokrasya, bilang pagpapatupad ng karapatan sa pagpapasya-sa-sarili na saklaw ng Artikulo 1, parapo 4, ng Protokol 1 laban sa nagpapatuloy na mga salik at elemento ng dominasyong kolonyal at laban sa pambansang pang-aapi, kabilang ang sobinismo at rasismo, na bumibiktima sa buong bansang Pilipino at partikular sa mga minorya ng Pilipinas.”

Sa pagsusulong nito ng armadong paglaban, ipinababatid at sinasanay ng NDFP ang mga upisyal, kumander at mandirigma ng BHB sa mga tuntunin ng sibilisdong digma. Katunayan, malaon nang itinataguyod ng BHB ang naturang tuntunin sa pagtalima nito sa Tatlong Punto ng Disiplina at Walong Bagay na Dapat Tandaan ng BHB, na mga

panuntunang kung tutuusi'y mas mataas at masaklaw pa sa Geneva Conventions. Ang deklarasyon ng NDFP ay pag-ako nito na mga karapatan at obligasyon katulad ng meron ang GRP nang pumirma ito sa parehong mga tuntunin sa digma. Kinikilala ng NDFP na kapwa dapat tumalima ang GRP at NDFP sa mga tuntuning ito.

Sa deklarasyon ding ito, malinaw na inilatag ng NDFP ang mga lehitimong target ng digma: ang mga pwersa ng militar, pulis, paramilitar at mga galamay nito sa paniktik. Malinaw na hindi nito target ang mga alagad sa burukrasya sibil ng GRP, liban kung bahagi sila sa mga unang nabanggit.

Sa gayon, lahat na madadakip ng NDFP na tauhan ng militar, pulis, paramilitar at iba pang armadong pwersa ng GRP ay ituturing nitong mga bihag sa digma at iginigiit nito na ituring at kilalanin din ng GRP ang karapatan ng lahat na madadakip nitong tauhan ng BHB at lahat ng mga pwersang kinakatawan ng NDFP bilang mga bihag ng digma.

CARHRIHL

Kapwa nakapirma ang GRP at NDFP sa CARHRIHL. Ito ay kasunduang binuo sa pamamagitan ng usapang pangkapayapaan at pinirmahan ng prinsipal ng NDFP na si Mariano Orosa noong Abril 10, 1998 at prinsipal ng GRP na si Joseph Estrada noong Agosto 7, 1998.

Isa sa mga layunin ng kasunduang ito ang “pagtibayin at ilapat ang mga alituntunin ng internasyunal na makataong batas upang mapangalagaan ang populasyong sibilyan at mga indibidwal na sibilyan, gayundin ang mga taong hindi tuwirang kalahok o tumigil na sa paglahok (o wala nang kapasidad na lumahok) sa armadong labanan, kabilang ang mga taong pinagkaitan ng kanilang kalayaan sa mga dahilang may kaugnayan sa armadong tunggalian (o mga bihag ng digma).”

Pinatunayan na sa praktika ang istriktong pagtalima ng BHB sa mga alituntuning ito. Sa mismong lugar ng armadong labanan, nagbibigay ang BHB ng lunas sa mga sugatan. Pinangangalagaan nito ang

karapatan ng mga bihag ng digma at makatao silang tinatrato. Makailang ulit na ring nagpalaya ang NDFP ng mga bihag ng digma sa makataong kadahilanan at kumikilos para siguruhing maayos at ligtas ang kanilang paglaya. Nakikipag-ugnayan ito sa International Committee of the Red Cross (ICRC) para tiyaking maayos at ligtas ang mga pagpapalaya.

Itinatag ang Joint Monitoring Committee (JMC) bilang mekanismo para ipatupad ang CARHRIHL. Ito ang “tatanggap ng mga reklamo ng diumano’y paglabag ng karapatang-tao at internasyunal na makataong batas at lahat ng kaukulang impormasyon at magsasagawa ng mga kahilingan o rekomendasyon para sa implementasyon ng Kasunduan (CARHRIHL).” Noong Enero 21, 2017, pinirmahan ng GRP at NDFP ang mga alituntunin para sa lubos na operasyon ng JMC sa ilalim ng CARHRIHL, bago makaisang-panig na ibinasura ng noo’y rehimeng Duterte ang usapang pangkapayapaan. Gayunpaman, nanatiling may bisa ang kasunduang ito, katulad ng iba pang naunang mga kasunduan.

Sa lahat ng mga kasunduang ito, maituturing na mga kombatant ang lahat ng mga mandirigma ng BHB bilang armadong hukbo na nakapailalim sa NDFP. Taglay nila ang karapatang lumahok sa armadong tunggalian. Sa mga pagkakataong nadadakip sila ng mga pwera ng GRP, mayroon silang mga karapatan na nagbibigay-proteksyon sa kanilang buhay at mga karapatan alinsunod sa mga alituntunin ng internasyunal na makataong batas.

Bilang mga bihag sa digma, hindi sila maaaring parusahan dahil sa kanilang direktang paglahok sa armadong tunggalian. Hindi sila dapat kasuhan ng mga kasong kriminal at litisin sa mga ito.

Tahasang ipinagbabawal ang pagpatay, pagtortyur, *mutilation*, pagtratong brutal, nakapanghihiya o *degrading*, pangho-*hostage* at di patas na paglilitis sa kanila. Kailangang bigyan sila ng pagkain at maiinom. Kailangang bigyan sila ng akses sa ligal na representasyon at sa kanilang mga mahal sa buhay. Obligasyong arugain ang mga maysakit. Ang lahat ng hindi kayang alagaan ay kailangang kagyat na

palayain.

Hindi kailangang kilalanin ng dumakip na pwersa ang awtoridad o gubyernong kinabibilangan ng nadakip nilang mga kalabang kombatant. Hindi rin kailangang myembro sila ng regular na hukbo basta't malinaw na ipinag-iiba nila ang kanilang mga sarili sa mga sibilyan. Hangga't sumusunod ang pwersa o awtoridad na kinabibilangan nila sa apat na kundisyon ng internasyunal na batas at kumikilala sa mga tuntunin ng digma, igagawad sa kanila ang mga proteksyon alinsunod sa apat na Geneva Conventions at mga protokol nito.

Ang mga pagpaslang, pagmamalupit, ilegal na detensyon at iba pang sistematiko at malalalang paglabag sa mga tuntunin sa digma ay maaaring isampa sa mga internasyunal na korte.

Mga krimen sa digma ng AFP-PNP at GRP

1) Pagpaslang sa mga dinakip

Alas-8 ng gabi ng Oktubre 29, 2021 dinakip ng mga tauhan ng 403rd IB sina Ka Oris (Jorge Madlos), pambansang tagapagsalita ng BHB, at ang medik na si Eighfel de la Peña habang bumibyahe patungo sa Sayre Highway mula sa Barangay Poblacion, Impasug-ong sa Bukidnon. Sa sumunod na araw pa inianunsyo ng AFP ang pagpaslang kay Madlos at Dela Peña. Pinalabas silang napatay sa isang sagupaan bandang alas-11 ng umaga, sa Sityo Gabunan, Barangay Dumalaguina sa parehong bayan, 15 oras matapos sila dakpin. Naging target ng *aerial strike* na tumagal nang isang oras ang sityong ito noong madaling araw ng Oktubre 30. Palabas ng sonang gerilya si Madlos para magpatingin sa iniindang niyang sakit. Naiulat ding nawawala ang dalawang drayber na naghatid kina Madlos.

Paglipas ng halos isang taon, sa halos parehong lugar, dinakip at

pinalabas ding napatay sa labanan ang anak at manugang ni Madlos na sina Vincent Isagani Madlos at Glory Vic Belandres. Dinakip ang mag-asawa malapit sa Atugan Bridge sa Impasug-ong noong Setyembre 3, 2022 bandang alas-10 ng umaga. Pinalabas silang napatay sa isang engkwentro sa Barangay Kapitan Bayong sa parehong bayan nang hapon sa parehong araw. Palabas din ng sonang gerilya ang nakababatang Madlos para ipagamot ang sugat na natamo niya sa isang naunang labanan. Sa mga larawang ikinalat ng militar sa internet, kitang nakasuot pambyahe ang dalawa (puting *t-shirt*, pantalong maong at puting *rubber shoes*).

Sa Barangay Carabalan, Himamaylan City, Negros Occidental, nadakip bago tuluyang pinatay ng mga tropa ng 94th IBPA si Juanito Magbanua (Romeo Nanta) sa tinigilan niyang bahay noong Oktubre 10, 2022. Kahit walang yunit ng BHB sa lugar ng pinangyarihan, pinalabas ng AFP na si Magbanua, tagapagsalita ng BHB-Negros, ay “napatay sa labanan.”

Gayundin ang ginawa kay Juanita Dore, isang retiradong kasapi ng Partido na mahina na at may iniindang sakit. Dinakip at pinalabas na napatay siya sa isang engkwentro noong Pebrero 14, 2020 sa Malabuan, Makilala, North Cotabato. Tadtad ng bala ang kanyang katawan. Isang kaso pa ang ginawa kina Floreta Ceballos at Wilfredo Fuentes, na nadakip habang nasa byahe, tinortyur at pinalabas na napatay sa isang engkwentro noong Disyembre 19, 2021 sa San Pablo, Manapla, Negros Occidental. Tadtad ng saksak ang dibdib, basag ang bungo at maraming sugat ang mga braso ni Ceballos. Bakas naman sa bangkay ni Fuentes ang mga marka ng pagpapahirap.

2) Maramihang pagpatay/masaker

Natutulog sa isang bahay sa Barangay Atabay, San Jose, Antique sa Panay ang pito-kataong komite sa propaganda ng NDF-Panay noong Agosto 15, 2018 nang pagbabarilin sila ng mga elemento ng 301st IBde, 61st IB at mga pulis ng prubinsya. Kinaumagahan, pinalabas ng militar at pulis na “nakipagpalitan ng putok” ang pito na sina Felix Salditos, Eldie Labinghisa, Jason Talibo, Jayson Sanchez, Peter

Mecenas, Karen Ceralvo at Liezel Bandiola. May mga tama ng bala sa mukha at ulo si Ceralvo, habang basag ang ulo ni Bandiola dulot ng mga tama ng bala. Nasa lugar ang pito para magsagawa ng pananaliksik at pagsusulat. Apat sa kanila ay kilalang mga makata, at isa, si Salditos ay kilala sa kanyang mga obrang biswal bilang si Mayamor. Hindi sila armado. Kinilala sila bilang Antique 7.

Nagkakape naman sina Andres Hubilla at Miguel Hamor, at ang magsasakang si Arnel Borres at mangingisdang Dick Laura nang pagbabarilin sila ng mga sundalo ng 31st IB sa Sityo Namuro, Purok Trece Martires, Casiguran, Sorsogon noong Hulyo 28, 2017. Sa ulat ng Karapatan-Bicol, sinalaysay ng mga residente ng Sityo Namuro na bago ang masaker, nagkaroon na ng mga tsekpoynt sa lugar na tinauhan ng mga sundalong naka-*full battle gear*. Anila, nakarinig sila ng mga putok na tumagal nang limang minuto. Ipinagtaka ng kapatid ni Hubilla, na sumama sa imbestigasyon ng pulis matapos na matapos ang masaker, na may hawak na baril na walang magasin sa kanyang kanang kamay ang kanyang kapatid, gayong kaliwete ito.

Sa isla ng Negros, walo ang biktima sa dalawang insidente ng maramihang pagpatay ng mga Pulang mandirigmang wala na sa katayuang lumaban. Pinatay sina Marilyn Badayos, Rudy Carbajosa, Ronilo Desabille at Rufino Bocaval noong Setyembre 30, 2021 sa San Pablo, Manapla, Negros Occidental. Nagpapagaling sila mula sa sakit na trangkaso nang pasukin at pagbabarilin sila ng mga sundalo sa tinutuluyang bahay. Gayundin ang kaso nina Nikka de la Cruz, Roel Ladera, Alden Rodriguez at Roel Deguit, pawang maysakit, na walang pakundangang pinatay noong Hulyo 6, 2022 sa Santol, Binalbagan sa parehong prubinsya.

Sa Talakag, Bukidnon noong Abril 6, 2022, dinakip ng mga elemento ng 1st Special Forces Battalion ang apat na mandirigmang nagpasyang di lumaban para iwasan ang pinsala sa mga sibilyan. Umaga nang dinakip at isinakay sa dalawang pribadong sasakyan palabas ng Barangay Tikalaan sina Carlicio D. Sumalinog, Jovilito Pontillas, Garry Juliana at Jelly Sugnot. Kinahapunan, muli silang ibinalik sa naturang barangay at doon pinatay. Pinalabas na napatay sila sa isang pekeng

engkwentro bandang alas-6 ng gabi sa araw ding iyun. Dalawang buwang buntis si Sugnot sa panahong iyun.

3) Pagdukot, ilegal na detensyon at tortyur

Huling nakita ang mag-asawang Antonio Cabanatan, 74, at Florenda Yap, 65, kapwa retiradong mga kasapi ng Partido, noong Oktubre 2020 nang umalis sila sa tinutuluyan nilang bahay sa Metro Manila. Tatlong buwan matapos nito, inilitaw silang patay na sa isang *safehouse* ng militar sa Botong, Oton, Iloilo noong Disyembre 26, 2020. Tadtad ng saksak ang mga katawan ng dalawang matanda at may mga marka sa leeg kung saan sinakal si Cabanatan. Ayon sa mga residente sa lugar, may dumating na *van* sa naturang bahay noong gabi ng Disyembre 25 at umalis din matapos ng ilang oras. Kinabukasan, “nasilip” ng dumadaang kapitan ng barangay ang bangkay ni Cabanatan na sadyang iniwan sa harap ng bahay para matagpuan. Pinalabas na biktima ang dalawa ng pagnanakaw at pagpaslang.

Dalawang linggo namang itinago ng 1001st Bde ng Philippine Army si Ezequil Daguman, kumander ng BHB sa South Mindanao Region at saklaw ng JASIG. Huling nakita si Daguman noong Marso 7 habang bumibyaha papunta sa isang komunidad sa New Corella, Davao del Norte. Matapos nanawagan ang NDF-SMR sa militar na ilitaw at palayain siya, inilitaw siyang patay na noong Marso 27. Pinalabas na napatay siya sa isang engkwentro sa pagitan ng BHB at AFP sa Maragusan, Davao de Oro.

Dinakip din ng mga tauhan ng 88th IB si Pedro Codaste at kasama niyang si Ka Sandro, sa tinitigilan nilang bahay sa Cagayan de Oro City noong Enero 19, 2022. Paglipas ng anim na araw, pinalabas silang “napatay sa labanan” sa Impasug-ong, Bukidnon. Si Codaste ay konsultant ng NDFP sa usapang pangkapayapaan at saklaw din ng JASIG.

4) Walang habas na pamamaslang

Walang pakundangang pinatay sina Julius Giron, Ma. Lourdes Dineros

Tangco at Arvie Alarcon Reyes nang salakayin ng militar ang kanilang tinutuluyang bahay sa Hamada Subdivision, Barangay Queen of Peace, Baguio City nang alas-3 ng madaling araw noong Marso 13, 2020. Nagpapagaling noon sa sakit si Giron.

Bago nito, pinaslang ng mga elemento ng estado ang lider ng Partido sa Bicol na si Alfredo Merilos habang nagpapagaling sa sakit na alta-presyon at sa kanyang mata sa isang subdibisyon ng Naga City noong Marso 15, 2018. Kasama ring pinatay ng militar ang isang sibilyang babae na si Liz Ocampo.

Noong Enero 30, 2019 sa Aritao, Nueva Vizcaya, pinatay ng militar si Felix Randy Malayao, NDFP *peace consultant* para sa Cagayan Valley, habang natutulog sa *bus* tungong Baguio.

Nagpapagaling sa sakit si Randall Echanis sa inuupahan niyang bahay sa Novaliches, Quezon City nang paslangin siya ng mga militar noong gabi ng Agosto 10, 2020. Tatlong saksak sa likod ang tinamo ng konsultant ng NDFP at *deputy secretary general* ng Anakpawis.

Gayundin ang kaso sa pagpaslang sa mag-asawang Eugenia Magpantay at Agaton Topacio, retiradong mga lider ng Partido sa Central Luzon sa tinutuluyan nilang bahay sa Angono, Rizal noong Nobyembre 25, 2020 nang alas-3 din ng madaling araw.

Pinaslang si Reynaldo Bocala, konsultant ng NDFP para Visayas, at kanyang kasamang si Ka Ramon (Willy Arguelles) sa tinutuluyang bahay sa Pavia, Iloilo noong Mayo 28, 2021. Pinalabas ng militar at pulisya na siya ay nanlaban habang sinisilbihan ng mandamyento de aresto. Sa pareho ring araw, walang awang nilikida si Fr. Rustico Tan, dating konsultant ng NDFP para sa Visayas, sa tinutuluyan niyang bahay sa Pilar, Camotes Island, Cebu. Matagal na siyang namumuhay sibilyan.

Ganito rin ang kaso ng pagpatay ng mga ahente ng estado sa mag-aasawang Rodrigo Mejica Lorezo at Delia Rosco Rotalan, at Amado at Maria Norie Adelantar, lahat retirado, na pinaslang sa dalawang

magkahiwalay na insidente sa Samar ngayong 2022.

Pinagbabaril din si Alvin Luque at kasama niyang sibilyan habang natutulog sa tinutuluyang bahay sa San Agustin Sur, Tandag City, Surigao del Sur noong Disyembre 10, 2021. Gayundin ang ginawa kay Jhon Niebres (Ka Parts Bagani) Peñaranda na pinatay sa Barangay Cannery, Polomolok, South Cotabato noong Agosto 21, 2021, at kay Dennis Rodinas na pinatay sa Sibugay, Cebu noong Oktubre 10, 2021. Bagaman mga kumander ng BHB, hindi armado at malayo sa larangan ng digma sina Peñaranda at Rodinas, nang sila'y paslangin.

5) Pagpaslang sa mga nadakip na sugatan at maysakit

Nadakip noong Disyembre 25, 2021 sa isang labanan sa Davao de Oro si Menandro Villanueva, pambansang kumander ng BHB. Ilegal na ibinimbin si Villanueva nang umabot sa 12 araw bago inianunsyo ng 10th ID na napatay siya sa isang “labanan.”

Naiulat na may sugat lamang sa kamay si Kerima Tariman sa labanan kung saan siya nadakip noong Agosto 20, 2021 sa Barangay Kapitan Ramon sa Silay City, Negros Occidental, bago siyang pinatay ng mga tauhan ng AFP. Kilalang makata at manunulat si Tariman bago siya magpasyang magpultaym sa rebolusyonaryong kilusan.

Sa Kalayaan, Laguna, inabutan ng militar ang sugatang si Mario Caraig sa isang bahay at doon siya tuluyang pinatay noong Agosto 8, 2020, apat na araw matapos ang engkwentro kung saan siya nasugatan. Dinakip din ng mga sundalo ang tatlong sibilyang sumagip sa kanya sa kampo nila sa Tanay, Rizal.

Saklaw, mga pagbabawal at responsibilidad

Alinsunod sa mga probisyon ng Geneva Conventions at ng CARHRIHL, saklaw ng internasyunal na makataong batas ang sumusunod:

- a. mga sibilyan o mga taong hindi aktibong kalahok sa mga hostilidad;
- b. mga myembro ng mga armadong pwersang sumuko na o nagbaba na ng kanilang armas;
- k. mga nalagay sa katayuang *hors de combat* (wala na sa katayuang lumaban) dahil sa sakit, sugat o anumang kadahilanan;
- d. mga taong pinagkaitan ng kanilang kalayaan sa mga dahilang may kaugnayan sa armadong tunggalian; at,
- e. mga kamag-anak at awtorisadong kinatawan ng mga taong nabanggit sa itaas.

Mahigpit na ipinagbabawal ng mga alituntuning ito, kahit kailan at kahit saan ang sumusunod:

- a. karahasan sa buhay at pagkatao, partikular ang pagpatay o pamiminsala, pagpapailalim sa pisikal at *mental torture*, mutilasyon, mabigat na pagpaparusa, malupit o mapang-abang pagtrato at lahat ng anupamang karahasan at paghihiganti, kasama ang pagkuha ng *hostage* at mga akto laban sa pisikal na kagalingan, dignidad, paniniwalang pampulitika at iba pang mga karapatang-tao;
- b. pagpapanagot sa sinuman para sa aktong hindi naman niya ginawa at pagpaparusa sa sinuman na hindi sinusunod ang lahat ng rekisito ng karampatang proseso;

k. pag-oobliga sa mga taong pinagkaitan ng kanilang kalayaan sa mga dahilang may kaugnayan sa armadong tunggalian, na maghayag ng impormasyon liban sa kanilang identidad;

d. desekrasyon o hindi paggalang sa labi ng mga namatay sanhi ng armadong tunggalian o namatay habang sila ay nakabilanggo, at paglabag sa tungkuling kagyat na ibigay ang nasabing labi sa kanilang pamilya o bigyan ang mga ito ng disenteng libing;

e. hindi pag-uulat ng identidad, personal na kalagayan at sirkumstansya ng isang taong pinagkaitan ng kanyang kalayaan sa mga dahilang may kaugnayan sa armadong tunggalian sa mga Partido para magampanan nila ang kanilang mga tungkulin at responsibilidad;

g. hindi pagkilala sa karapatan ng kamag-anak at mga awtorisadong kinatawan ng isang taong pinagkaitan ng kanyang kalayaan sa mga dahilang may kaugnayan sa armadong tunggalian na alamin kung ang tao ay nasa pangangalaga o nakakulong, mga dahilan ng pagkakakulong, sa anong mga sirkumstansya ang taong nasa pangangalaga ay nakakulong, at tuwirang humiling o sa pamamagitan ng mga intermedyaryong kapwa katanggap- tanggap para sa maayos at kagyat niyang paglaya.

Sa partikular, ang lahat ng mga taong pinagkaitan ng kanilang kalayaan sa dahilang may kaugnayan sa armadong tunggalian ay dapat bigyan ng sapat na pagkain at inuming tubig at pagkalooban ng mga panananggalang kaugnay ng kalusugan at kalinisan, at ilagay sa ligtas na lugar. Sapat na impormasyon ang ibibigay ukol sa mga taong pinagkaitan ng kanilang kalayaan. Batay sa makatao at iba pang makatwirang batayan, sila ay ikokonsidera para sa ligtas na paglaya.

Ang kanilang mga kaanak ay maaaring makipagtulungan sa ICRC at iba pang makatao at/o entidad na medikal para magawa nilang mangalaga sa mga maysakit at sugatan at maipatupad nila ang kanilang makataong misyon at mga aktibidad.

Mga sanggunian:

Treaties, States Parties and Commentaries, Philippines

https://ihl-databases.icrc.org/applic/ihl/ihl.nsf/vwTreatiesByCountrySelected.xsp?xp_countrySelected=PH&nv=4

Philippines, Application of IHL by the National Democratic Front of the Philippines

<https://casebook.icrc.org/case-study/philippines-application-ihl-national-democratic-front-philippines>

Praymer hinggil sa CARHRIHL, Joint Monitoring Committee at Joint Secretariat ng JMC, NDFP Human Rights Monitoring Committee, December 2005

GRP NDF seal guidelines for joint monitoring committee, score victory

<https://peace.gov.ph/2017/01/grp-ndf-seal-guidelines-joint-monitoring-committee-score-victory/>

Pulang saludo

Ibinibigay ng Partido Komunista ng Pilipinas at buong rebolusyonaryong kilusan ang pagkilala at Pulang saludo sa mga kasamang naglingkod sa pakikibaka para sa pambansang kalayaan at demokrasya. Habampanahong pananatilihin sila sa alaala ng sambayanan. Hanggang hindi nakakamit, tuluy-tuloy na isisigaw ang hustisya.

Edwin Demetera {Ka Duppax} (2017-06-13, Magallanes, Sorsogon), Dick Laura (2017-07-28, Casiguran, Sorsogon), Arnel Borres (2017-07-28, Casiguran, Sorsogon), Andres Hubilla {Ka Magno} (2017-07-28, Casiguran, Sorsogon), Miguel Himor {Ka Billy} (2017-07-28, Casiguran, Sorsogon), Alfredo Merilos {Ka Bendoy} (2018-03-15, Naga City, Camarines Sur), Liz Ocampo (2018-03-15, Naga City, Camarines Sur), Jeric Gestone {Ka Ems} (2018-03-15, Camarines Sur), Felix Salditos {Ka Mayamor/Maya Daniel/Dudi} (2018-08-15, San Jose, Antique), Peter Mecenas Jr {Ka Elton} (2018-08-15, San Jose, Antique), Eldie Labinghisa {Ka Ipoy} (2018-08-15, San Jose, Antique), Liezel Bandiola {Ka Mayang} (2018-08-15, San Jose, Antique), Karen Ceralvo {Ka Liway} (2018-08-15, San Jose, Antique), Jayson Sanchez (2018-08-15, San Jose, Antique), Jason Talibo {Ka Bebe} (2018-08-15, San Jose, Antique), Manuel Nacis (2018-12-09, Presentacion, Camarines Sur), Dante Tibagos {Ka Heart} (2019-01-02, Masbate), Randy Malayao (2019-01-30, Aritao, Nueva Vizcaya), Marjun Casal {Ka Hiker} (2019-11-27, Laak, Compostela Valley), Ermin Bellen {Ka Romano} (2019-12-05, Antipolo City, Rizal), Jose Villahermosa (2019-12-05, Antipolo City, Rizal), Lucio Simburoto (2019-12-05, Antipolo City, Rizal), Manuel Magante Gilo (2020-02-06, San Ignacio, Butuan City), Julius Marquez {Ka Goyo} (2020-02-13, Santa Lucia, Ilocos Sur), Ennabel Balunos {Ka Onor} (2020-02-13, Santa Lucia, Ilocos Sur), Ma. Finela Mejia {Ka Ricky} (2020-02-13, Santa Lucia, Ilocos Sur), Juanita Dore {Ka Maring} (2020-02-14, Makilala, North Cotabato), Salvador Nordan {Ka Bulig} (2020-03-06, Catarman, Northern Samar), Julius Giron {Ka Nars} (2020-03-13, Barangay Queen of Peace, Baguio City), Ma. Lourdes Dineros Tangco (2020-03-13, Barangay Queen of Peace,

Baguio City), Arvie Alarcon Reyes (2020-03-13, Barangay Queen of Peace, Baguio City), Lorelyn Saligumba {Ka Farah} (2020-06-04, Baco, Mindoro Oriental), Mario Caraig {Ka Jethro} (2020-08-08, Kalayaan, Laguna), Junior Valdez (2020-08-08, Santa Lucia, Ilocos Sur), Randall Echanis (2020-08-10, Quezon City, (None)), Louie Tagapia (2020-08-10, Novaliches, Quezon City), Dennis Rodinas {Ka Mayen} (2020-10-11, Sibugay, Cebu), Wency Dejuco {Ka Tora} (2020-10-17, Bulan, Sorsogon), Leonido Nabong {Ka Charo} (2020-11-13, Tampilisan, Zamboanga del Norte), Eugenia Magpantay {Ka Fiel} (2020-11-25, Angono, Rizal), Agaton Topacio {Ka Boy} (2020-11-25, Angono, Rizal), TNU {Ka Sarge} (2020-12-02, Lake Sebu, South Cotabato), Romeo Libron {Ka Melvin} (2020-12-02, Lake Sebu, South Cotabato), Alvin Luque {Ka Joaquin} (2020-12-10, Tandag City, Surigao del Sur), Antonio Cabanatan {Ka Manlimbasog} (2020-12-26, Oton, Iloilo), Florenda Yap {Ka Osang} (2020-12-26, Oton, Iloilo), Preciano Galleon {Ka Penoy} (2021-01-20, Matalom, Leyte), Michael Bagasala (2021-01-24, Barcelona, Sorsogon), Reynato Matos {Ka Roy} (2021-03-02, Maco, Davao del Sur), Carlito Perez {Ka Real} (2021-03-21, Balatan, Camarines Sur), TNU {Ka Jeck-Jeck} (2021-03-24, Barangay Trinidad, Guihulngan City), TNU {Ka Jk} (2021-03-24, Barangay Trinidad, Guihulngan City), TNU {Ka Michael} (2021-04-21, Hinoba-an, Negros Occidental), TNU {Ka Kenken} (2021-04-21, Hinoba-an, Negros Occidental), Lowel Riza Mendoza {Ka Bernie} (2021-05-21, Sta. Rosa, Laguna), Christine Estocado {Ka Billy} (2021-05-21, Sta. Rosa, Laguna), Christopher Buton {Ka Omar} (2021-05-21, Sta. Rosa, Laguna), Fr. Rustico Tan {Ka Tony} (2021-05-28, Pilar, Camotes Island), Reynaldo Bocala {Ka Minoy} (2021-05-28, Pavia, Iloilo), Willy Arguelles (2021-05-28, Pavia, Iloilo), Kerima Tariman {Ka Ella} (2021-08-20, Silay City, Negros Occidental), Jhon Niebres Peñaranda {Parts Bagani} (2021-08-21, Polomolok, South Cotabato), Dioscorro L. Roma {Ka JR} (2021-09-12, Lupi, Camarines Sur), Marilyn Badayos {Ka Monet} (2021-09-30, Manapla, Negros Occidental), Rudy Carbajosa {Ka Brod} (2021-09-30, Manapla, Negros Occidental), Ronilo Desabille {Ka Huawei} (2021-09-30, Manapla, Negros Occidental), Rufino Bocaval {Ka Simo} (2021-09-30, Manapla, Negros Occidental), Jorge Madlos {Ka Oris} (2021-10-29, Impasug-ong, Bukidnon), Eighfel de la Peña {Ka Pika} (2021-10-29, Impasug-ong, Bukidnon), Floreta Ceballos {Ka Kelly} (2021-12-09, Manapla, Negros Occidental), Wilfredo Fuentes (2021-12-09, Manapla, Negros Occidental), Menandro Villanueva {Ka Bok} (2021-12-25, Mabini, Davao de Oro), Sandra Reyes {Ka Kaye} (2021-12-25, Mabini, Davao de Oro), Pedro Codaste {Ka Gonyong} (2022-01-25, Impasug-ong, Bukidnon), TNU {Ka Sandro} (2022-01-25, Impasug-ong, Bukidnon), Jalan Pinakilid {Ka Baking} (2022-02-18, Gingoog City, Misamis Oriental), Darling Bago Pinakilid {Ka Yandie} (2022-02-18, Gingoog City, Misamis Oriental), Virgilio Marco Tamban {Ka Bidam} (2022-03-09, Isabela, Negros Occidental), Ben Jack Rueles {Ka Yuhan} (2022-03-09, Isabela, Negros Occidental), Bryan Obin {Ka Tanel} (2022-03-12, Las Navas, Western Samar), Amado Adelantar {Ka Butil} (2022-03-16, Jiabong, Western

Samar), Marie Norie Adelantar {Ka Tutri} (2022-03-16, Jiabong, Western Samar), TNU {Ka Prex} (2022-03-25, Catubig, Northern Samar), Ezequiel Daguman {Ka Jess} (2022-03-25, Maragusan, Davao de Oro), Carlicio Sumalinog {Ka Wong} (2022-04-06, Talakag, Bukidnon), Jovilito Pontillas {Ka Zelong} (2022-04-06, Talakag, Bukidnon), Gary I Juliana {Ka Tata} (2022-04-06, Talakag, Bukidnon), Jelly Sugnot {Ka Kian} (2022-04-06, Talakag, Bukidnon), Antonio Abadeza {Ka Jovan} (2022-05-28, Daraga, Albay), Nikka de la Cruz {Ka Chai} (2022-07-06, Binalbagan, Negros Occidental), Roel Ladera {Ka Jack} (2022-07-06, Binalbagan, Negros Occidental), Alden Rodriguez {Ka Rocky} (2022-07-06, Binalbagan, Negros Occidental), Roel Deguit {Ka Caloy} (2022-07-06, Binalbagan, Negros Occidental), Rodrigo Mejica Lorezo {Ka Kute/Akag} (2022-08-07, San Jose de Buan, Western Samar), Delia Rosco Rotalan {Ka Kanay} (2022-08-07, San Jose de Buan, Western Samar), Vincent Madlos {Ka Yuno} (2022-09-03, Impasug-ong, Bukidnon), Glory Vic Belandres {Ka Layka} (2022-09-03, Impasug-ong, Bukidnon), Lonie Hainamos Pison (2022-09-30, Prosperidad, Agusan del Sur), Jessa Terol Empoy (2022-09-30, Prosperidad, Agusan del Sur), Carlito Ahina (2022-10-08, Palanas, Masbate), Romeo Nanta {Ka Juanito Magbanua} (2022-10-10, Himamaylan City, Negros Occidental)

